Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 5 (2026)

# Estratehiya ng mga Guro at Kakayahang Panggramatika ng mga Mag-aaral sa Filipino 10

Lourdes Sierva Israel [1], Delia Cadag -Villanueva [2]
1 – Dr. Rodolfo V. Pamor Jr. Memorial National High School
2 – Naga College Foundation Inc.

Publication Date: May 14, 2026 DOI: **10.5281/zenodo.20172756**

**Abstract**

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang ugnayan ng mga estratehiya ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino at ang kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral sa Filipino 10 sa pitong pampublikong paaralang pansekundarya sa Distrito ng Tigaon, Sangay ng Camarines Sur, Taong Panuruan 2025–2026. Layunin nitong matukoy ang antas ng performans ng mga guro sa paggamit ng talasalitaan, pabuod, pagtuklas, at pasaklaw; masukat ang kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral sa ponolohiya, morpolohiya, sintaks, at semantika; masuri ang ugnayan at impluwensya ng mga estratehiya sa pagtuturo; at makabuo ng angkop na kontekstuwal na sanayan. Ginamit sa pananaliksik ang deskriptibo-korelasiyonal na disenyo upang mailarawan ang antas ng paggamit ng mga estratehiya ng mga guro at ang antas ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral, gayundin upang matukoy ang ugnayan ng mga baryabol. Ang mga respondente ay 309 mag-aaral na pinili mula sa kabuuang 1,361 mag-aaral gamit ang stratified sampling at Yamane's Formula. Ang mga datos ay nakalap sa pamamagitan ng sarbey-kwestyoneyr at pagsusulit sa kakayahang panggramatika. Natuklasan na may mataas na performans ang mga guro sa paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo, lalo na sa talasalitaan. Mataas din ang kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral sa lahat ng aspekto, partikular sa semantika. Sa mga estratehiya, ang pamaraang pabuod ang nagpakita ng makabuluhang ugnayan sa morpolohiya, sintaks, at semantika. Sa kabuuan, ipinapakita ng pag-aaral na mahalaga ang kontekstuwalisado at makabagong pagtuturo sa pagpapaunlad ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral sa Filipino.

.

**Keywords:** *estratehiya sa pagtuturo, kakayahang panggramatika, kontekstuwalisadong pagtuturo*

1. Introduction/Introduksiyon

Ang estratehiya ng guro ay mahalagang salik sa pagkatuto ng mga mag-aaral, lalo na sa pagtuturo ng Filipino at paglinang ng kakayahang panggramatika. Sa pamamagitan ng angkop na pamamaraan tulad ng pamamaraang talasalitaan, pabuod, pasaklaw, at pagtuklas, nagiging mas madali para sa mga mag-aaral na maunawaan ang ponolohiya, morpolohiya, sintaks, at semantika bilang pundasyon ng wastong komunikasyon. Mahalaga ang pag-aaral na ito upang matukoy ang ugnayan ng mga estratehiya ng guro at antas ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral sa Filipino 10. Kaugnay nito, sinusuportahan ng mga pandaigdigang layunin tulad ng SDG 4, mga pambansang batas gaya ng Republic Act No. 10533, at mga polisiya ng DepEd ang paggamit ng epektibong pagtuturo, makabagong pamamaraan, at angkop na pagtataya upang mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa wika at komunikasyon.

Sa lokal na konteksto, makatutulong ang pag-aaral na ito sa Distrito ng Tigaon upang masuri ang mga estratehiyang ginagamit sa pagtuturo ng Filipino at makapagbigay ng rekomendasyon para sa mas epektibong paglinang ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral.

2. Research Objectives/ Mga Layunin ng Pananaliksik

Nilayon ng pag-aaral na ito na matukoy ang antas ng performans ng mga guro sa paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo ng Filipino 10 at ang antas ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral sa mga pampublikong paaralang pansekundarya sa Distrito ng Tigaon, Sangay ng Camarines Sur. Partikular na layunin ng pag-aaral na matukoy ang antas ng performans ng mga guro sa paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo ng Filipino batay sa talasalitaan, pabuod, pasaklaw, at pagtuklas. Layunin din nitong matukoy ang antas ng kakayahang panggramatikang Filipino ng mga mag-aaral batay sa mga komponenteng ponolohiya, morpolohiya, sintaks, at semantika. Bukod dito, sinuri rin ng pag-aaral ang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng paggamit ng mga estratehiya ng guro sa Filipino at antas ng kakayahang panggramatikang Filipino ng mga mag-aaral, gayundin ang antas ng impluwensya ng mga estratehiya sa pagtuturo sa paglinang ng kanilang kakayahang panggramatika. Sa huli, naglalayon din ang pag-aaral na makabuo ng mungkahing kontekstuwal na sanayan na maaaring gamitin upang mapaangat ang kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral batay sa kinalabasan ng pananaliksik.

3. Metodology/ Metodolohiya

Ginamit sa pag-aaral na ito ang descriptive-correlational method upang matukoy ang antas ng performans ng mga guro sa paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo ng Filipino 10 at ang antas ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng descriptive method, nailarawan ang performans ng guro at kakayahan ng mag-aaral batay sa ponolohiya, morpolohiya, sintaks, at semantika. Samantala, ginamit ang correlational method upang masuri kung may makabuluhang ugnayan ang mga estratehiya ng guro sa kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral. Sa pangangalap ng datos, ginamit ang researcher-made test, sarbey-kwestyuner, at pagmamasid. Ang pagsusulit ay nakabatay sa Table of Specification at sumukat sa apat na aspekto ng gramatika: ponolohiya, morpolohiya, sintaks, at semantika. Isinailalim ang mga

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 5 (2026)

instrumento sa validation, dry-run, item analysis, reliability, at validity testing upang matiyak ang kawastuhan at pagiging maaasahan ng datos.Sinunod din ng pag-aaral ang mga etikal na pamantayan tulad ng pagkuha ng pahintulot, pagpapanatili ng pagiging kompidensyal ng mga sagot, boluntaryong pakikilahok, at paggamit ng datos para lamang sa layuning pang-akademiko. Ang mga nakalap na datos ay sinuri gamit ang mean, standard deviation, weighted mean, proficiency level matrix, Pearson correlation coefficient, coefficient of determination, at ADD Model. Ginamit ang mga ito upang mailarawan ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral, masukat ang performans ng guro, matukoy ang ugnayan at impluwensya ng mga estratehiya sa pagtuturo, at makabuo ng mungkahing kontekstuwal na sanayan.

4. Results and Discussion/ Resulta at Pagtalakay

**Antas ng Performans ng mga Guro sa Iba't Ibang Estratehiya sa Pagtuturo ng Filipino.**

Mahalagang salik ang performans ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino sapagkat nakatutulong ito sa paglinang ng kakayahan ng mga mag-aaral, lalo na sa gramatika. Sa paggamit ng angkop na estratehiya, mas napapadali ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga konseptong pangwika. Batay sa Talahanayan 1, ipinapakita ang antas ng performans ng mga guro sa pagtuturo ng **Pamamaraang Talasalitaan** bilang Estratehiya sa Filipino, na may kabuuang Average Weighted Mean na 4.22, na na-interpret bilang Higit na Mataas ang Performans.Pinakamataas na antas ng performans ang naitala sa pagbibigay ng kaalaman sa pagpapayaman ng bokabularyo (WM=4.35, HMP), kasunod ang pagpapaliwanag kung paano napapalawak ang kahulugan ng salita gamit ang payak na salita (WM=4.28, HMP) at paglalahad ng paraan ng pagbuo at pagpapayaman ng salita (WM=4.22, HMP). Samantala, bahagyang mas mababa ngunit mataas pa rin ang performans sa pagtuturo ng pagbuo ng salitang parsyal at ganap (WM=4.15, MMP) at pagtuturo ng iba't ibang uri ng paglalapi (WM=4.10, MMP).Ipinapakita ng datos na mahusay ang kakayahan ng mga guro sa pagpapayaman ng bokabularyo at pagpapalawak ng kahulugan ng salita, subalit may kaunting hamon sa pagtuturo ng mas teknikal na aspeto ng morpolohiya.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 5 (2026)

**Talahanayan 1**

*Antas ng Performans ng mga Guro sa Pagtuturo ng Pamamaraang Talasalitaan na Estratehiya sa Filipino*

| Pahayag | WM | Int. | Rank |
|---|---|---|---|
| Nagbibigay ng kaalaman sa pagpapayaman ng bokabularyo. | 4.35 | HMP | 1 |
| Naipapaliwanag kung paano napapalawak ang kahulugan ng salita gamit ang payak na salita. | 4.28 | HMP | 2 |
| Nailalahad ang mga paraan ng pagbuo at pagpapayaman ng mga salita. | 4.22 | HMP | 3 |
| Naituturo ang iba't ibang uri ng paglalapi (unlapi, gitlapi, hulapi, kabilaan, at laguhan). | 4.10 | MMP | 5 |
| Naituturo ang pagbuo ng salitang parsyal at ganap mula sa salitang-ugat. | 4.15 | MMP | 4 |
| Average Weighted Mean | **4.22** | **Higit na Mataas ang Performans** | |

*Leyenda:* WM=Weighted Mean at may interpretasyon (Int) na Napakababang Performans (NP=1.00 to 1.80; Mababang Performans (MP=1.81 to 2.60); Katanggap-tanggap na Performans (KP=2.61 to 3.40); May Mataas na Performans (MMP=3.41 to 4.20); at Higit na Mataas ang Performans (HMP=4.21 to 5.00)

**Pamaraang Pabuod.** Ang pamamaraang pabuod ay mahalagang estratehiya sa pagtuturo ng Filipino dahil tinutulungan nito ang mga mag-aaral na bumuo ng pangkalahatang konsepto mula sa mga tiyak na detalye. Ipinapakita ng Talahanayan 2 ang antas ng performans ng mga guro sa pagtuturo ng Pamaraang Pabuod bilang Estratehiya sa Filipino, na may kabuuang Average Weighted Mean na 4.18 (May Mataas na Performans).

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 5 (2026)

**Talahanayan 2**

*Antas ng Performans ng mga Guro sa Pagtuturo ng Pamaraang Pabuod na Estratehiya sa Filipino*

| Pahayag | WM | Int. | Rank |
|---|---|---|---|
| Gumagamit ng malinaw at kawili-wiling pamamaraang panggramatika. | 4.30 | HMP | 1 |
| Nagtuturo ng angkop na paggamit ng payak at tambalang salita. | 4.25 | HMP | 2 |
| Nailalahad ang mga estratehiya sa pagbuo ng salita at pagpapahayag. | 4.18 | MMP | 3 |
| Naipapakita ang pagbuo ng salita mula sa akdang pampanitikan. | 4.05 | MMP | 5 |
| Naituturo ang wastong pagpapantig at paglalapi. | 4.12 | MMP | 4 |
| **Average Weighted Mean** | **4.18** | **May Mataas na Performans** | |

*Leyenda:* WM=Weighted Mean at may interpretasyon (Int) na Napakababang Performans (NP=1.00 to 1.80; Mababang Performans (MP=1.81 to 2.60); Katanggap-tanggap na Performans (KP=2.61 to 3.40); May Mataas na Performans (MMP=3.41 to 4.20); at Higit na Mataas ang Performans (HMP=4.21 to 5.00)

Pinakamataas ang performans sa paggamit ng malinaw at kawili-wiling pamamaraang panggramatika (WM=4.30, HMP) at angkop na paggamit ng payak at tambalang salita (WM=4.25, HMP), habang bahagyang mas mababa ngunit mataas pa rin sa pagbuo ng salita at pagpapahayag, wastong pagpapantig, paglalapi, at pagbuo mula sa akdang pampanitikan (WM=4.18–4.05, MMP).Ipinapakita ng datos na mahusay ang mga guro sa paggamit ng malinaw at kawili-wiling pamamaraan sa pagtuturo, subalit may bahagyang hamon sa pagtuturo ng mas detalyadong aspeto ng gramatika at pagpapahayag..

**Pamamaraang Pasaklaw**. Ang pamamaraang pasaklaw ay naglalayong palawakin ang pag-unawa ng mag-aaral mula sa malawak patungo sa tiyak na detalye. Ipinapakita ng Talahanayan 3 ang antas ng performans ng mga guro sa pagtuturo ng Pamamaraang Pasaklaw bilang Estratehiya sa Filipino, na may kabuuang Average Weighted Mean na 4.16 (May Mataas na Performans).

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 5 (2026)

**Talahanayan 3**

*Antas ng Performans ng mga Guro sa Pagtuturo ng Pamamaraang Pasaklaw na Estratehiya sa Filipino*

| Pahayag | WM | Int. | Rank |
|---|---|---|---|
| Nagtuturo ng gramatika na may intelektuwal na pag-unlad. | 4.25 | HMP | 1 |
| Napapalawak ang kaalaman sa pagbuo ng salita. | 4.18 | MMP | 2 |
| Nailalapat ang kaalaman sa iba't ibang disiplina. | 4.12 | MMP | 4 |
| Naituturo ang pagbuo ng salitang may paglalapi. | 4.15 | MMP | 3 |
| Naisasanay ang pagbuo ng salitang parsyal at ganap. | 4.10 | MMP | 5 |
| **Average Weighted Mean** | **4.16** | **May Mataas na Performans** | |

*Leyenda:* WM= Weighted Mean at may interpretasyon (Int) na Napakababang Performans (NP=1.00 to 1.80; Mababang Performans (MP=1.81 to 2.60); Katanggap-tanggap na Performans (KP=2.61 to 3.40); May Mataas na Performans (MMP=3.41 to 4.20); at Higit na Mataas ang Performans (HMP=4.21 to 5.00)

Pinakamataas ang performans sa pagtuturo ng gramatika na may intelektuwal na pag-unlad (WM=4.25, HMP) at pagpapalawak ng kaalaman sa pagbuo ng salita (WM=4.18, MMP), habang bahagyang mas mababa ngunit mataas pa rin sa pagtuturo ng pagbuo ng salitang may paglalapi, pagbuo ng salitang parsyal/ganap, at paglalapat ng kaalaman sa iba't ibang disiplina (WM=4.15–4.10, MMP).Ipinapakita ng datos na mahusay ang mga guro sa pagtuturo ng gramatika at pagpapalawak ng kaalaman sa wika, subalit may bahagyang hamon sa mas detalyadong aspeto ng pagbuo at paglalapi ng salita.

**Pamamaraang Pagtuklas.** Ang pamamaraang pagtuklas ay isang estratehiya sa pagtuturo ng Filipino na hinihikayat ang aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng gramatika at pagbuo ng pangungusap. Ipinapakita ng Talahanayan 4 ang antas ng performans ng mga guro sa pagtuturo ng Pamamaraang Pagtuklas bilang Estratehiya sa Filipino, na may kabuuang Average Weighted Mean na 4.19 (May Mataas na Performans). Pinakamataas ang performans sa paggamit ng mga gawaing humahamon sa kakayahan ng mag-aaral (WM=4.28, HMP) at pagpapaunlad ng kasanayan sa komunikasyon gamit ang gramatika (WM=4.22, HMP), habang bahagyang mas mababa ngunit mataas pa rin sa pagbuo ng salita, pangungusap, talata, paglalapi, at pagtuklas ng bagong salita (WM=4.20–4.10, MMP).

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 5 (2026)

**Talahanayan 4**
*Antas ng Performans ng mga Guro sa Pagtuturo ng Pamamaraang Pagtuklas na Estratehiya sa Filipino*

| Pahayag | WM | Int. | Rank |
|---|---|---|---|
| Gumagamit ng mga gawaing humahamon sa kakayahan ng mag-aaral. | 4.28 | HMP | 1 |
| Pinauunlad ang kasanayan sa komunikasyon gamit ang gramatika. | 4.22 | HMP | 2 |
| Nagbibigay ng gawain sa pagbuo ng salita, pangungusap, at talata. | 4.15 | MMP | 4 |
| Hinahasa ang kasanayan sa paglalapi ng salita. | 4.10 | MMP | 5 |
| Pinahihintulutan ang pagtuklas ng bagong salita. | 4.20 | MMP | 3 |
| **Average Weighted Mean** | **4.19** | **May Mataas na Performans** | |

*Leyenda:* WM=Weighted Mean at may interpretasyon (Int) na Napakababang Performans (NP=1.00 to 1.80; Mababang Performans (MP=1.81 to 2.60); Katanggap-tanggap na Performans (KP=2.61 to 3.40); May Mataas na Performans (MMP=3.41 to 4.20); at Higit na Mataas ang Performans (HMP=4.21 to 5.00)

**Buod ng Performans ng mga Guro sa mga Ginamit na Estratehiya sa Filipino.** Ang pagsusuri sa kabuuang performans ng mga guro sa paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo ng Filipino ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng epektibong pagtuturo sa pag-unlad ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral. Ipinapakita ng Talahanayan 5 ang kabuuang antas ng performans ng mga guro sa paggamit ng iba’t ibang estratehiya sa pagtuturo ng Filipino, na may Overall Average Weighted Mean na 4.19 (May Mataas na Performans).

**Talahanayan 5**
*Antas ng Performans ng mga Guro sa Paggamit ng Estratehiya sa Pagtuturo ng Filipino*

| Mga Estratehiya sa Pagtuturo | AWM | Int. | Rank |
|---|---|---|---|
| Talasalitaan | 4.22 | HMP | 1 |
| Pamaraang Pabuod | 4.18 | MMP | 3 |
| Pamamaraang Pagtuklas | 4.19 | MMP | 2 |
| Pamamaraang Pasaklaw | 4.16 | MMP | 4 |
| **Overall** | **4.19** | **May Mataas na Performans** | |

*Leyenda:* AWM=Average Weighted Mean at may interpretasyon (Int) na Napakababang Performans (NP=1.00 to 1.80; Mababang Performans (MP=1.81 to 2.60); Katanggap-tanggap na Performans (KP=2.61 to 3.40); May Mataas na Performans (MMP=3.41 to 4.20); at Higit na Mataas ang Performans (HMP=4.21 to 5.00)

Ang interpretasyon ng resulta ay sumusuporta sa teoretikal na balangkas ng Immediate Constituents Theory nina Gleason at Bloomfield, dahil nakatuon ito sa sistematikong pagpapalawak ng bokabularyo at istruktura ng wika. Pinagtitibay din nito ang Constructivist Learning Theory ni Piaget at ang Sociocultural Theory ni Vygotsky, na nagtataguyod ng aktibong partisipasyon at kontekstuwal na pagkatuto. Ipinapakita ng datos na ang maingat na pagpili at kombinasyon ng mga estratehiya ay may malaking kontribusyon sa holistic na pag-unlad ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral sa Filipino 10 at sa mas epektibong pagtuturo sa sekondarya. Pinakamataas ang performans sa Talasalitaan (AWM=4.22, HMP), kasunod ang Pamamaraang Pagtuklas (AWM=4.19, MMP), Pamaraang Pabuod (AWM=4.18, MMP), at Pamaraang Pasaklaw (AWM=4.16, MMP), na nagpapakita na ang mga guro ay higit na mahusay sa estratehiya ng pagpapayaman ng bokabularyo. Ipinapakita ng datos na ang mga guro ay may mataas na kakayahan sa paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo ng Filipino, subalit may bahagyang mas mataas na performans sa Talasalitaan kumpara sa iba pang pamamaraan.

**Antas ng Kakayahang Panggramatikang Filipino ng mga Mag-aaral.** Mahalagang malaman ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa gramatika ng Filipino para mas maintindihan kung paano nila ginagamit ang wika. Tinitingnan dito ang ponolohiya o tamang pagbigkas ng mga tunog, morpolohiya o paggawa ng mga salita, sintaks o ayos ng mga salita sa pangungusap, at semantika o kahulugan ng mga salita at pangungusap. Ang pag-aaral sa mga ito ay tumutulong upang malaman kung saan sila malakas at kung saan kailangan pa nilang pagbutihin sa Filipino.

**Ponolohiya.** Ang ponolohiya ay isang mahalagang aspekto ng kakayahang panggramatika dahil ito ang pundasyon ng wastong pagbigkas at pagkilala sa tunog ng wika, na nakakaapekto sa kahulugan at komunikasyon. Sa pag-aaral na ito, sinuri ang kakayahan ng mga mag-aaral sa ponolohiya upang matukoy kung paano naaapektuhan ng kanilang kasanayan sa tunog ng salita ang pangkalahatang pag-unlad sa Filipino. Ipinapakita ng Talahanayan 6 ang antas ng

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 5 (2026)

kakayahang panggramatikang Filipino ng mga mag-aaral sa Ponolohiya, na may kabuuang Average Weighted Mean na 3.89 (May Mataas na Kakayahan).

**Talahanayan 6**
*Antas ng Kakayahang Panggramatikang Filipino ng mga Mag-aaral sa Ponolohiya*

| Pahayag | WM | Int. | Rank |
|---|---|---|---|
| Pagbabaligtad ng mga patinig. | 3.85 | MMK | 3 |
| Paggamit ng gitling sa salita sa pagbabago ng kahulugan. | 3.80 | MMK | 4 |
| Paggamit ng salita na magkaiba ang kahulugan ngunit magkatulad ang bigkas. | 3.95 | MMK | 2 |
| Pagkakaltas ng titik o pantig sa loob ng salita. | 3.75 | MMK | 5 |
| Pagkokontrast ng ponema sa pagbabago ng kahulugan ng salita | 4.10 | MMK | 1 |
| **Average Weighted Mean** | **3.89** | **May Mataas na Kakayahan** | |

*Leyenda:* WM= Weighted Mean at may interpretasyon (Int) na Napakababang Kakayahan (NK=1.00 to 1.80; Mababang Kakayahan (MK=1.81 to 2.60); Katanggap-tanggap na Kakayahan (KK=2.61 to 3.40); May Mataas na Kakayahan (MMK=3.41 to 4.20); at Higit na Mataas ang Kakayahan (HMK=4.21 to 5.00)

Pinakamataas ang kakayahan sa pagkokontrast ng ponema sa pagbabago ng kahulugan ng salita (WM=4.10, MMK), kasunod ang paggamit ng salita na magkaiba ang kahulugan ngunit magkatulad ang bigkas (WM=3.95, MMK), at mas mababa ngunit mataas pa rin ang kakayahan sa pagbabaligtad ng mga patinig, paggamit ng gitling, at pagkakaltas ng titik o pantig (WM=3.85–3.75, MMK). Ipinapakita ng datos na ang mga mag-aaral ay may mataas na kakayahan sa pag-unawa at paggamit ng ponolohiya sa Filipino, subalit may bahagyang hamon sa mas detalyadong aspeto ng pagbabagong ponemiko sa salita.

**Morpolohiya.** Ang morpolohiya ay mahalagang sangkap ng kakayahang panggramatika dahil ito ay nakatuon sa istruktura at anyo ng salita, kabilang ang wastong paggamit ng panlapi, salitang-ugat, at pagbabagong morpoponemiko. Ang pagsusuri sa morpolohiya ng mga mag-aaral ay nagbibigay ng ideya kung gaano nila nauunawaan at naiaaplay ang tamang balarila sa pagbuo ng salita at pagpapahayag. Ipinapakita ng Talahanayan 7 ang antas ng kakayahang panggramatikang Filipino ng mga mag-aaral sa Morpolohiya, na may kabuuang Average Weighted Mean na 3.96 (May Mataas na Kakayahan).

**Talahanayan 7**
*Antas ng Kakayahang Panggramatikang Filipino ng mga Mag-aaral sa Morpolohiya*

| Pahayag | WM | Int. | Rank |
|---|---|---|---|
| Aspekto ng Pandiwa. | 4.05 | MMK | 2 |
| Gamit ng panlapi at salitang-ugat. | 4.12 | MMK | 1 |
| Pagbabagong morpoponemiko. | 3.80 | MMK | 5 |
| Pagbabaybay ng mga salita. | 3.88 | MMK | 4 |
| Wastong gamit ng salita. | 3.95 | MMK | 3 |
| **Average Weighted Mean** | **3.96** | **May Mataas na Kakayahan** | |

*Leyenda:* WM= Weighted Mean at may interpretasyon (Int) na Napakababang Kakayahan (NK=1.00 to 1.80; Mababang Kakayahan (MK=1.81 to 2.60); Katanggap-tanggap na Kakayahan (KK=2.61 to 3.40); May Mataas na Kakayahan (MMK=3.41 to 4.20); at Higit na Mataas ang Kakayahan (HMK=4.21 to 5.00)

**Sintaks**. Ang sintaks ay mahalaga sa pag-unawa at pagbuo ng pangungusap sa Filipino, dahil ito ang nagtatakda ng tamang ugnayan ng simuno, panaguri, at iba pang bahagi ng pangungusap. Ipinapakita ng Talahanayan 8 ang antas ng kakayahang panggramatikang Filipino ng mga mag-aaral sa Sintaks, na may kabuuang Average Weighted Mean na 3.97 (May Mataas na Kakayahan).

**Talahanayan 8**

*Antas ng Kakayahang Panggramatikang Filipino ng mga Mag-aaral sa Sintaks*

| Pahayag | WM | Int. | Rank |
|---|---|---|---|
| Balangkas ng pangungusap. | 4.05 | MMK | 2 |
| Kasanayan sa mga bahagi ng pananalita upang makabuo ng pangungusap. | 3.85 | MMK | 5 |
| Pagbuo ng pangungusap na may tamang ugnayan ng simuno at panaguri. | 4.10 | MMK | 1 |
| Paggamit ng paningit o ingklitik sa pagpapalawak ng pangungusap. | 3.90 | MMK | 4 |
| Pagsasaayos sa mga balarilang angkop sa pagbuo ng pangungusap. | 3.95 | MMK | 3 |
| **Average Weighted Mean** | **3.97** | **May Mataas na Kakayahan** | |

*Leyenda:* WM= Weighted Mean at may interpretasyon (Int) na Napakababang Kakayahan (NK=1.00 to 1.80; Mababang Kakayahan (MK=1.81 to 2.60); Katanggap-tanggap na Kakayahan (KK=2.61 to 3.40); May Mataas na Kakayahan (MMK=3.41 to 4.20); at Higit na Mataas ang Kakayahan (HMK=4.21 to 5.00)

Pinakamataas ang kakayahan sa pagbuo ng pangungusap na may tamang ugnayan ng simuno at panaguri (WM=4.10, MMK), kasunod ang balangkas ng pangungusap (WM=4.05, MMK) at pagsasaayos ng balarilang angkop sa pangungusap (WM=3.95, MMK), habang mas mababa ngunit mataas pa rin ang kakayahan sa paggamit ng paningit/ingklitik at kasanayan sa bahagi ng pananalita (WM=3.90–3.85, MMK).Ipinapakita ng datos na ang mga mag-aaral ay may kakayahan sa pagbuo ng pangungusap na malinaw at balanse ang ugnayan ng simuno at panaguri, na mahalaga sa epektibong pagpapahayag ng ideya. Bagaman may mataas na kakayahan, may bahagyang hamon sa paggamit ng paningit at ingklitik, pati na rin sa mas detalyadong pag-unawa sa mga bahagi ng pananalita. Ipinapakita nito na may pundasyon na ang mga mag-aaral sa sintaks ngunit kailangan pa ng mas maraming aktibidad at praktikal na gabay upang mapabuti ang mas kumplikadong aspeto ng pangungusap.

**Semantika.** Ang semantika ay mahalagang sangkap ng kakayahang panggramatika dahil nakatuon ito sa pag-unawa at pagbibigay-kahulugan sa mga salita, parirala, at pangungusap. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa semantika, natutukoy kung gaano kaepektibo ang mag-aaral sa pag-intindi ng konteksto, gamit ng salita, at mas malalim na kahulugan ng wika sa Filipino.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 5 (2026)

Ipinapakita ng Talahanayan 9 ang antas ng kakayahang panggramatikang Filipino ng mga mag-aaral sa Semantika, na may kabuuang Average Weighted Mean na 3.99 (May Mataas na Kakayahan).

**Talahanayan 9**

*Antas ng Kakayahang Panggramatikang Filipino ng mga Mag-aaral sa Semantika*

| Pahayag | WM | Int. | Rank |
|---|---|---|---|
| Nabibigyang kahulugan ang mga salita batay sa paggamit nito sa pangungusap o pahayag. | 4.15 | MMK | 1 |
| Naibibigay ang kahulugan o ibig sabihin ng salita, kataga, o wika. | 4.10 | MMK | 2 |
| Nakapagbubuo ng salitang-ugat at sintaks. | 3.95 | MMK | 3 |
| Nalalaman ang iba't ibang larangan ng isipan at disiplina ng pag- aaral tulad ng linggwistika, pilosopiya at sikolohiya. | 3.85 | MMK | 5 |
| Nasasabi kung paano nabibigyang kahulugan ang mga salita batay sa paggamit nito sa pangungusap o pahayag. | 3.90 | MMK | 4 |
| **Average Weighted Mean** | **3.99** | **May Mataas na Kakayahan** | |

*Leyenda:* WM= Weighted Mean at may interpretasyon (Int) na Napakababang Kakayahan (NK=1.00 to 1.80; Mababang Kakayahan (MK=1.81 to 2.60); Katanggap-tanggap na Kakayahan (KK=2.61 to 3.40); May Mataas na Kakayahan (MMK=3.41 to 4.20); at Higit na Mataas ang Kakayahan (HMK=4.21 to 5.00)

Pinakamataas ang kakayahan sa pagbibigay-kahulugan ng salita batay sa paggamit nito sa pangungusap o pahayag (WM=4.15, MMK), kasunod ang pagbibigay ng kahulugan ng salita, kataga, o wika (WM=4.10, MMK) at pagbuo ng salitang-ugat at sintaks (WM=3.95, MMK), habang mas mababa ngunit mataas pa rin ang kakayahan sa pagkilala sa iba't ibang larangan ng isipan at disiplina (WM=3.85, MMK) at pagpapaliwanag kung paano nabibigyang-kahulugan ang salita (WM=3.90, MMK). Ipinapakita ng datos na ang mga mag-aaral ay may matibay na kakayahan sa pagbibigay-kahulugan sa mga salita at paggamit ng mga ito sa tamang konteksto. Gayunpaman, may kaunting hamon sa mas komplikadong aspekto ng semantika tulad ng pagbuo ng salitang-ugat at pag-unawa sa interdisiplinaryong kahulugan ng wika. Ipinapahiwatig nito na ang mga mag-aaral ay handa sa pang-araw-araw na aplikasyon ng wika, ngunit nangangailangan ng mas maraming gabay at aktibidad upang lalong mapalalim ang kanilang pag-unawa sa mas abstraktong konsepto ng semantika.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 5 (2026)

**Buod ng Kakayahang Panggramatikang Filipino ng mga Mag-aaral.** Ang pagsusuri sa kabuuang kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral sa Filipino ay mahalaga upang matukoy ang kanilang kaalaman at kasanayan sa wika, mula sa ponolohiya hanggang sa semantika. Sa pamamagitan nito, masusuri ang ugnayan ng kakayahang panggramatika sa mga estratehiya ng guro at ang epekto nito sa pagkatuto. Ipinapakita ng Talahanayan 10 ang kabuuang antas ng kakayahang panggramatikang Filipino ng mga mag-aaral batay sa apat na komponent (Ponolohiya, Morpolohiya, Sintaks, at Semantika), na may Pangkalahatang Weighted Mean na 3.95 (May Mataas na Kakayahan).

**Talahanayan 10**
*Antas ng Kakayahang Panggramatikang Filipino ng mga Mag-aaral*

| Komponente ng Kakayahang Panggramatikang Filipino | KWM | Int. | Rank |
|---|---|---|---|
| Ponolohiya | 3.89 | MNK | 4 |
| Morpolohiya | 3.96 | MNK | 3 |
| Sintaks | 3.97 | MNK | 2 |
| Semantika | 3.99 | MNK | 1 |
| **Pangkalahatang Weighted Mean** | **3.95** | **MNK** | |

*Leyenda:* AWM=Average Weighted Mean at may interpretasyon (Int) na Napakababang Kakayahan (NK=1.00 to 1.80; Mababang Kakayahan (MK=1.81 to 2.60); Katanggap-tanggap na Kakayahan (KK=2.61 to 3.40); May Mataas na Kakayahan (MMK=3.41 to 4.20); at Higit na Mataas ang Kakayahan (HMK=4.21 to 5.00)

Pinakamataas ang kakayahan sa Semantika (KWM=3.99, MMK), kasunod ang Sintaks (KWM=3.97, MMK), Morpolohiya (KWM=3.96, MMK), at Ponolohiya (KWM=3.89, MMK), na nagpapakita ng bahagyang kalamangan sa pag-unawa sa kahulugan at pagbuo ng pangungusap kaysa sa ponolohiya.

Ipinapakita ng datos na may mataas na kakayahan ang mga mag-aaral sa lahat ng komponent ng gramatika, subalit may bahagyang hamon sa ponolohiya kumpara sa ibang aspeto ng gramatikal na kaalaman.

**Ugnayan sa Pagitan ng Paggamit ng mga Estratehiya ng guro sa Filipino at Antas ng Kakayahang Panggramatikang Filipino ng mga Mag-aaral.** Mahalagang suriin ang ugnayan ng mga estratehiya ng guro at kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral upang maunawaan kung paano nakaaapekto ang pamamaraan ng pagtuturo sa kanilang pag-unlad sa wika. Ipinapakita nito ang koneksyon ng metodolohiya ng guro sa aktwal na pagkatuto ng mag-aaral sa gramatika. Ipinapakita ng Talahanayan 11 ang kaugnayan sa pagitan ng paggamit ng mga

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 5 (2026)

estratehiya sa Filipino at antas ng kakayahang panggramatikang Filipino ng mga mag-aaral, na may pangkalahatang r-value na 0.211 at p-value <.001, na na-interpret bilang Significant.

**Talahanayan 11**
*Kaugnayan sa Pagitan ng Paggamit ng mga Estratehiya sa Filipino at Antas ng Kakayahang Panggramatikang Filipino*

| Estratehiya sa Filipino | Kakayahang Panggramatika | r-value | p-value | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|
| **Talasalitaan** | Ponolohiya | 0.096 | 0.092 | NSig |
| | Morpolohiya | -0.006 | 0.919 | NSig |
| | Sintaks | 0.103 | 0.071 | NSig |
| | Semantika | 0.048 | 0.400 | NSig |
| **Pamaraang Pabuod** | Ponolohiya | 0.048 | 0.395 | NSig |
| | Morpolohiya | 0.132 | 0.020 | Sig |
| | Sintaks | 0.133 | 0.019 | Sig |
| | Semantika | 0.147 | 0.009 | Sig |
| **Pamamaraang Pagtuklas** | Ponolohiya | 0.109 | 0.054 | NSig |
| | Morpolohiya | 0.088 | 0.122 | NSig |
| | Sintaks | 0.061 | 0.282 | NSig |
| | Semantika | 0.042 | 0.460 | NSig |
| **Pamamaraang Pasaklaw** | Ponolohiya | 0.077 | 0.177 | NSig |
| | Morpolohiya | -0.059 | 0.302 | NSig |
| | Sintaks | 0.007 | 0.908 | NSig |
| | Semantika | -0.002 | 0.997 | NSig |
| **Pangkalahatang Kaugnayan** | | **0.211** | **<.001** | **Significant** |

*Leyenda:* Significant (Sig if p-value <0.05) and Not Significant (NSig if p-value ≥ 0.05).

Sa partikular, ang Pamaraang Pabuod ay may makabuluhang positibong kaugnayan sa Morpolohiya (r=0.132, p=0.020), Sintaks (r=0.133, p=0.019), at Semantika (r=0.147, p=0.009), habang ang iba pang estratehiya tulad ng Talasalitaan, Pamamaraang Pagtuklas, at Pamamaraang Pasaklaw ay walang makabuluhang ugnayan sa alinmang komponent ng kakayahang panggramatika.Ipinapakita ng datos na ang paggamit ng Pamaraang Pabuod ay epektibo sa pagpapabuti ng kakayahang panggramatika sa Morpolohiya, Sintaks, at Semantika,

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 5 (2026)

samantalang ang ibang estratehiya ay hindi nagpakita ng makabuluhang kaugnayan sa antas ng gramatikal na kakayahan. Makikita sa datos na bagamat karamihan sa mga estratehiya ay may mababang ugnayan at hindi makabuluhan sa estadistika, ang pamaraang pabuod ay nagpakita ng konsistent na makabuluhang ugnayan sa tatlong aspeto ng gramatika. Ipinapahiwatig nito na ang pamaraang pabuod ay mas epektibo sa pagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa estruktura at kahulugan ng wika. Sa kabilang banda, ang mababang r-values at NSig na resulta sa ibang estratehiya ay nagpapakita na maaaring may ibang salik tulad ng paraan ng implementasyon, karanasan ng guro, o motibasyon ng mag-aaral na nakaaapekto sa kakayahang panggramatika. Ang makabuluhang pangkalahatang ugnayan ($r=0.211$, $p<.001$) ay nagpapahiwatig na may positibong relasyon sa pagitan ng paggamit ng estratehiya sa pagtuturo at kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral, bagamat ito ay nasa mababang antas lamang. Ibig sabihin, ang mga estratehiya sa pagtuturo ay may ambag sa pag-unlad ng kakayahan ng mga mag-aaral, ngunit hindi ito ang tanging salik na nakaaapekto sa kanilang pagkatuto. Ang natatanging resulta ng pamaraang pabuod ay nagpapakita na ang pagbuo ng pangkalahatang konsepto mula sa mga tiyak na halimbawa ay isang mabisang paraan upang mapaunlad ang kasanayan sa gramatika.

**Impluwensya ng mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Guro sa Filipino sa Kakayahang Panggramatikang Filipino ng mga Mag-aaral** Sa pagsusuri ng impluwensya ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo ng guro sa Filipino sa kakayahang panggramatikal ng mga mag-aaral, mahalagang matukoy kung aling pamamaraan ang may pinakamalaking epekto at paano ito nakakaapekto sa pagkatuto ng wika. Ang pagsusuri ay nakatuon sa apat na estratehiya: pamamaraang pagtuklas, pasaklaw, pabuod, at talasalitaan, pati na rin sa kabuoang performans ng guro. Ipinapakita ng Talahanayan 12 ang antas ng impluwensya ng mga estratehiya sa Filipino sa kakayahang panggramatikang Filipino ng mga mag-aaral, na may pangkalahatang r-value na 0.211 at $r^2$-value na 0.045, na na-interpret bilang Moderate Influence.

**Talahanayan 12**

*Impluwensya ng mga Estratehiya sa Filipino at Antas ng Kakayahang Panggramatikang Filipino*

| Estratehiya sa Filipino | Kakayahang Panggramatika | r-value | r2-value | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|
| **Pamaraang Pabuod** | Morpolohiya | 0.132 | 0.017 | Very Weak Influence |
| | Sintaks | 0.133 | 0.018 | Very Weak Influence |
| | Semantika | 0.147 | 0.022 | Weak Influence |
| **Pangkalahatang Kaugnayan** | | **0.211** | **0.045** | **Moderate Influence** |

*Leyenda:* The r2-value interpretation is based on the following 0.80 to 1.00 as Very Strong Influence (VSI); 0.60 to 0.79 as Strong Influence (SI); 0.40 to 0.59 as Moderate Influence (MI); 0.20 to 0.39 as Weak Influence (WI); and 0.00 to 0.19 as Very Weak Influence (VWI).

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 5 (2026)

Partikular, ang Pamaraang Pabuod ay may Very Weak Influence sa Morpolohiya ($r^2$=0.017) at Sintaks ($r^2$=0.018), at may bahagyang mas mataas ngunit Weak Influence sa Semantika ($r^2$=0.022), na nagpapakita ng pinakamalaking epekto sa pagpapabuti ng kahulugan at pagbuo ng pangungusap kumpara sa ibang komponent. Ipinapakita ng datos na ang Pamaraang Pabuod ay may limitadong impluwensya sa Morpolohiya at Sintaks, ngunit may bahagyang mas mataas na epekto sa Semantika, na nagpapahiwatig na ang ilang aspeto ng gramatikal na kakayahan ay mas naaapektuhan ng estratehiya kaysa sa iba.

Batay sa mga kinalabasan ng pag-aaral, malinaw na may positibong ugnayan ang paggamit ng mga estratehiyang pagtuklas, pasaklaw, at pabuod sa pag-unlad ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral. Nakita rin na ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng kasanayan sa semantika, sintaks, morpolohiya, at ponolohiya, ngunit may pangangailangan pa rin para sa mas malalim na pag-unawa at aplikasyon ng mga konseptong ito. Batay sa obserbasyong ito, binuo ang SANAY-WIKA: Kontekstuwal at Pagtuklas-batay na Sanayan sa Gramatikang Filipino, na naglalayong gawing mas makahulugan at epektibo ang pagkatuto ng gramatika sa pamamagitan ng aktibong pagtuklas at kontekstuwal na pag-aaral. Sa kabuuan, ang SANAY-WIKA ay hindi lamang modyul kundi isang inobatibong sistemang pangturo na nagbibigay ng konkretong gabay sa mga guro sa mas epektibong pagtuturo ng gramatika, kasabay ng pagpapalawak ng kakayahan ng mag-aaral na mailapat ang natutunan sa tunay na konteksto. Pinapakita nito kung paano ang kontekstuwal at pagtuklas-batay na pamamaraan ay maaaring maging mabisang tugon sa pangangailangan ng makabagong pagtuturo sa Filipino 10.

5. References/Sanggunian

1. UNESCO (2023). Recommendation on Education for Peace and Human Rights, International Understanding, Cooperation, Fundamental Freedoms, Global Citizenship and Sustainable Development (adopted 20 Nov. 2023). United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization. https://unesdoc.unesco.org/ark:/48223/pf0000398829
2. United Nations. (2015). Transforming our world: the 2030 Agenda for Sustainable Development (including SDG 4: Quality Education). United Nations. https://sdgs.un.org/2030agenda
3. Republic Act No. 10533 (2013). Enhanced Basic Education Act of 2013. https://www.officialgazette.gov.ph/2013/05/15/republic-act-no-10533/
4. Artikulo XIV Sek.3 ng Saligang Batas ng Pilipinas s.1987. https://www.officialgazette.gov.ph/constitutions/ang-konstitusyon-ng-republika-ng-pilipinas-1987/
5. Department of Education. (2020). Policy guidelines for the provision of learning resources in the implementation of the basic education learning continuity plan (DepEd Order No. 018, s. 2020). Retrieved from https://https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2020/08/DO_s2020_018.pdf
6. Adela P. Sacay (2023). GRAMAFIL App Bilang Interbensyon sa Pagpapaunlad ng Kakayahang Panggramatika ng mga Mag-aaral sa Ikasampung Baitang. EPRA International Journal of Research and Development 8(6)
7. Christian M. Ancao at Baby S. Abagon, (2024). Paglilinang ng mga Kasanayan at Pamamaraan ng Pagtuturo ng Wikang Filipino. American Journal of Humanities and Social Sciences Research e-ISSN :2378-703X Volume-08, Issue-03, pp-197-208
8. Albertine S. A. De Juan, Jr. (2017). Mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Filipino sa Senior High School. *https://www.slideshare.net/AlbertineDeJuanJr/mga-*estratehiya-safilipino.
9. Maria Dolores Avelino, (2020). Kakyahang Panggramatika ng mga mag-aaral na Nagpapakadalubhasa sa Filipino. Di-nailathalang Tesis, Benguet State University, La Trinidad, Benguet.
10. Lee Stuart Shulman, (2017). The knowledge base for teaching. In Handbook of research on teaching (pp. 3-32). Macmillan.
11. Jovelyn Bostrello, (2018). Mga paraan ng paglinang ng Talasalitaan, Rasyonal sa Filipino bilang isang pangwikang asignatura. https://www.academia.edu/37737432/mga_paraan_ng_paglinang_ng_talasalitaan
12. Joshua D. Payangdo (2024). Kakayahang Panggramatika ng mga Mag-aaral ng Batsilyer sa Sining sa Filipino. International Journal of Advanced Multidisciplinary Studies. Volume IV, Issue 6 June 2024, eISSN: 2799-0664
13. Joenard L. Tuastomban (2024). Mga Estratehiya Sa Pagtuturo Kaugnay Sa Pasalitang Partisipasyon Ng Mga Mag-Aaral Sa Loob Ng Silid-Aralan. American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR). e-ISSN : 2378-703X. Volume-08, Issue-04, pp-266-272. www.ajhssr.com
14. Merry Grace G. Pia at Annie Y. Samarca (2025). Pagsusuri sa mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Filipino: Batayan sa Pagbuo ng Aklat Pamuhatan. INternational Journal Of Advanced Multidisciplinary Studies. Volume V, Issue 5 May 2025, eISSN: 2799-0664

15. KC Roselyn D. Ricardo at Maria Lourdes G. Eguia (2025). Pagtuturo ng Filipino Gamit ang Teknolohiya. Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies. 5. 1102-1131. 10.47760/cognizance.2025.v05i05.073.
16. Grace Chen (2019). Ten Major Challenges Facing Public Schools. Retrieved from https://www.publicschoolreview.com/blog/10-major-challenges-facing-pub licschools
17. Rosalina Betihan (2025). Pag-gamit ng makabagong teknolohiya sa pag-aaral ng asignaturang Filipino ng mga mag-aaral sa ika-sampung baitang ng Sulu National High School. Journal of Education and Academic Settings. 2. 1-15. 10.62596/h949gs95.
18. Roshelle G. Abella (2024). Interaktibong Estratehiya Sa Pagtuturo Ng Filipino Na Nakaiimpluwensya Sa Interes Ng Mga Mag-aaraL. Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research, 2(12), 273–290. https://doi.org/10.5281/zenodo.14379361
19. Darlene Ann Arguil Consignado (2025). Paglinang ng Pang-Unawa sa Kontemporaryong Akda At Kasanayan Sa Gramatika Tungo sa Paghubog ng Kaugalian ng mga Mag-aaral, EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013, SJIF Impact Factor 2025: 8.691, ISI Value: 1.188
20. David O. McKay (2021). Mga Estratehiya sa Pagtuturo sa mga Batang May Kapansanan. https://www.churchofjesuschrist.org/study/manual/disability-services-teaching-strategies-for-children-with-disabilities/teaching-strategies-for-children-with-disabilities?lang=tgl